# Trusting Our Father

By Elder David P. Homer
*Of the Seventy*

# Pagtitiwala sa Ating Ama

Ni Elder David P. Homer
*Ng Pitumpu*

October 2024 general conference

---

*God trusts us to make many important decisions, and in all matters He asks us to trust Him.*

*Pinagtitiwalaan tayo ng Diyos na gumawa ng maraming mahahalagang desisyon at na sa lahat ng bagay hinihiling Niya na magtiwala tayo sa Kanya.*

On June 1, 1843, Addison Pratt left Nauvoo, Illinois, to preach the gospel in the Hawaiian Islands, leaving his wife, Louisa Barnes Pratt, to care for their young family.

Noong Hunyo 1, 1843, nilisan ni Addison Pratt ang Nauvoo, Illinois, para ipangaral ang ebanghelyo sa Hawaiian Islands, at iniwan ang kanyang asawang si Louisa Barnes Pratt para mag-alaga sa kanilang bata pang mga anak.

In Nauvoo, as persecutions intensified, forcing the Saints to leave, and later at Winter Quarters as they prepared to migrate to the Salt Lake Valley, Louisa faced the decision of whether to make the journey. It would have been easier to stay and to wait for Addison to return than to travel alone.

Nang tumindi ang mga pag-uusig sa Nauvoo, at mapilitan ang mga Banal na umalis, at kalauna'y sa Winter Quarters nang maghanda silang mandayuhan sa Salt Lake Valley, naharap si Louisa sa desisyon kung maglalakbay ba sila. Mas madali sanang manatili at hintaying makauwi si Addison kaysa maglakbay nang mag-isa.

On both occasions, she sought guidance from the prophet, Brigham Young, who encouraged her to go. Despite the great difficulty and her personal reluctance, she successfully made the journey each time.

Sa dalawang pagkakataong ito, humingi siya ng patnubay mula sa propetang si Brigham Young, na naghikayat sa kanya na maglakbay. Sa kabila ng malaking hirap at personal niyang pag-aatubili, matagumpay siyang nakapaglakbay sa bawat pagkakataon.

Initially, Louisa found little joy in traveling. However, she soon began to welcome the green prairie grass, colorful wildflowers, and patches of ground along the riverbanks. "The gloom on my mind wore gradually away," she recorded, "and there was not a more mirthful woman in the whole company."

Sa simula, di-gaanong naging masaya si Louisa sa paglalakbay. Gayunman, hindi nagtagal ay sumaya na siya nang makita niya ang luntiang damo sa parang, makukulay na ligaw na bulaklak, at mga bakanteng lupa sa tabing ilog. "Ang lungkot sa aking isipan ay unti-unting nagmaliw," itinala niya, "at wala [nang ibang] mas masayang babae sa buong pangkat."

Louisa's story has deeply inspired me. I admire her willingness to set aside her personal preferences, her ability to trust God, and how exercising her faith helped her to see the situation differently.

Lubos akong nagkainspirasyon sa kuwento ni Louisa. Hinahangaan ko ang kahandaan niyang isantabi ang kanyang mga personal na kagustuhan, ang kanyang kakayahang magtiwala sa Diyos at kung paano nakatulong sa kanya ang pagsampalataya para makita ang sitwasyon sa

She has reminded me that we have a loving Father in Heaven, who cares for us wherever we are, and that we can trust Him more than anyone or anything else.

## The Source of Truth

God trusts us to make many important decisions, and in all matters He asks us to trust Him. This is especially difficult when our judgment or public opinion differs from His will for His children.

Some suggest that we should redraw the lines between what is right and what is wrong because they say that truth is relative, reality is self-defined, or God is so generous that He does not actually care about what we do.

As we seek to understand and accept God's will, it is helpful to remember that the boundaries between right and wrong are not for us to define. God has established these boundaries Himself, based on eternal truths for our benefit and blessing.

The desire to change God's eternal truth has a long history. It started before the world began, when Satan rebelled against God's plan, seeking selfishly to destroy human agency.Following this pattern, people like Sherem, Nehor, and Korihor have argued that faith is foolish, revelation is irrelevant, and whatever we want to do is right. Sadly, so very often these deviations from God's truth have led to great sorrow.

While some things may depend on context, not everything does. President Russell M. Nelson has consistently taught that God's saving truths are absolute, independent, and defined by God Himself.

## Our Choice

Whom we choose to trust is one of life's important decisions. King Benjamin instructed his people, "Believe in God; believe that he is …

ibang pananaw.

Naipaalala niya sa akin na mayroon tayong isang mapagmahal na Ama sa Langit na nagmamalasakit sa atin saanman tayo naroroon at na maaari tayong magtiwala sa Kanya nang higit kaysa kaninuman o anuman.

## Ang Pinagmumulan ng Katotohanan

Nagtitiwala ang Diyos sa atin na gagawa tayo ng maraming mahalagang desisyon at na sa lahat ng bagay, hinihiling Niya na magtiwala tayo sa Kanya.Mahirap ito lalo na kapag ang ating palagay, o ang opinyon ng iba, ay naiiba sa Kanyang kalooban para sa Kanyang mga anak.

Iminumungkahi ng ilan na dapat ay muli tayong maglagay ng hangganan sa pagitan ng tama at mali dahil depende raw sa tao ang katotohanan, depende sa sarili ang realidad, o lubhang mapagbigay ang Diyos kaya wala talaga Siyang pakialam sa ginagawa natin.

Sa ating pagsisikap na unawain at tanggapin ang kalooban ng Diyos, makatutulong na alalahanin na hindi tayo ang magpapasiya ng mga hangganan sa pagitan ng tama at mali. Itinatag na ng Diyos mismo ang mga hangganang ito, batay sa mga walang-hanggang katotohanan para sa ating kapakinabangan at pagpapala.

May mahabang kasaysayan ang pagnanais na baguhin ang walang-hanggang katotohanan ng Diyos. Nagsimula iyon bago pa nagsimula ang mundo, nang maghimagsik si Satanas laban sa plano ng Diyos, sa makasariling hangarin na sirain ang kalayaan ng tao.Kasunod nito, ikinatwiran ng mga taong katulad nina Serem, Nehor, at Korihor na kahangalan ang manampalataya, hindi mahalaga ang paghahayag, at anumang gusto nating gawin ay tama.Ang malungkot, napakadalas na ang mga paglihis na ito mula sa katotohanan ng Diyos ay humantong na sa matinding kalungkutan.

Bagama't ang ilang bagay ay depende sa konteksto, hindi ganoon ang lahat. Palaging itinuturo ni Pangulong Russell M. Nelson na ang nakapagliligtas na mga katotohanan ng Diyos ay ganap, nag-iisa, at binigyang-kahulugan ng Diyos mismo.

## Ang Ating Pagpipilian

Sinuman ang piliin nating pagkatiwalaan ay isa sa mahahalagang desisyon sa buhay. Itinuro ni Haring Benjamin sa kanyang mga tao, "Mani-

; believe that he has all wisdom … ; believe that man doth not comprehend all the things which the Lord can comprehend."

wala sa Diyos; maniwala na siya nga … , maniwala na taglay niya ang lahat ng karunungan … , maniwalang hindi nauunawaan ng tao ang lahat ng bagay na nauunawaan ng Panginoon."

Fortunately, we have the scriptures and guidance from living prophets to help us understand God's truth. Ifclarification beyond what we have is needed, God provides it through His prophets. And He will respond to our sincere prayers through the Holy Ghost as we seek to understand truths we do not yet fully appreciate.

Sa kabutihang-palad, mayroon tayong mga banal na kasulatan at patnubay mula sa mga buhay na propeta para tulungan tayong maunawaan ang katotohanan ng Diyos. Kung kailangan ng higit pang paglilinaw kaysa alam na natin, ibinibigay iyon ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta. At sasagot Siya sa ating mga taimtim na dalangin sa pamamagitan ng Espiritu Santo kapag hinangad nating maunawaan ang mga katotohanang hindi pa natin lubos na pinahahalagahan.

Elder Neil L. Andersen once taught that we should not be surprised "if at times [our] personal views are not initially in harmony with the teachings of the Lord's prophet. These are moments of learning," he said, "of humility, when we go to our knees in prayer. We walk forward in faith, trusting in God, knowing that with time we will receive more spiritual clarity from our Heavenly Father."

Itinurong minsan ni Elder Neil L. Andersen na hindi tayo dapat mabigla "kung [paminsan-minsan] ang [ating] mga personal na pananaw sa simula ay hindi palaging lubos na umaayon sa mga turo ng propeta ng Panginoon. Ito ang mga sandali ng pagkatuto, sabi niya, "ng pagpapakumbaba, kapag tayo ay lumuluhod sa panalangin. Nagpapatuloy tayo sa paglakad nang may pananampalataya, nagtitiwala sa Diyos, nalalaman na darating ang panahon na makatatanggap tayo ng dagdag na espirituwal na kaliwanagan mula sa ating Ama sa Langit."

At all times, it is helpful to remember Alma's teaching that God gives His word according to the attention and effort we devote to it. If we heed God's word, we will receive more; if we ignore His counsel, we will receive less and less until we have none.This loss of knowledge does not mean that the truth was wrong; rather, it shows that we have lost the capacity to understand it.

Sa lahat ng pagkakataon, makakatulong na alalahanin ang turo ni Alma na ibinibigay ng Diyos ang Kanyang salita ayon sa pagtutok at pagsisikap na inilalaan natin para dito. Kung pakikinggan natin ang salita ng Diyos, tatanggap tayo ng iba pa; kung babalewalain natin ang Kanyang payo, mas lalong mababawasan ang matatanggap natin hanggang sa mawala na ito nang tuluyan.Ang kawalan ng kaalaman ay hindi nangangahulugan na mali ang katotohanan; sa halip, ipinapakita nito na nawalan tayo ng kakayahang maunawaan ito.

## Look to the Savior

In Capernaum, the Savior taught about His identity and mission. Many found His words difficult to hear, leading them to turn their backs and "[walk] no more with him."

Why did they walk away?

Because they did not like what He said. So, trusting their own judgment, they walked away, denying themselves blessings that would have come had they stayed.

## Umasa sa Tagapagligtas

Sa Capernaum, nagturo ang Tagapagligtas tungkol sa Kanyang pagkatao at misyon. Marami ang nahirapang unawain ang Kanyang mga salita, kaya ipinasiya nilang tumalikod at "hindi na sumama sa kanya."

Bakit sila nagsilayo?

Dahil hindi nila nagustuhan ang sinabi Niya. Kaya dahil nagtiwala sila sa sarili nilang palagay, lumayo sila at ipinagkait sa kanilang sarili ang mga pagpapalang dumating sana kung nanatili sila.

It is easy for our pride to come between us and eternal truth. When we don't understand, we can pause, let our feelings settle, and then choose how to respond. The Savior urged us to "look unto [Him] in every thought; doubt not, fear not." When we focus on the Savior, our faith can start to overcome our concerns.

Madaling pumagitan sa atin at sa walang-hanggang katotohanan ang ating kapalaluan. Kapag may hindi tayo nauunawaan, maaari tayong tumigil sandali, hayaang map-anatag ang ating damdamin, at pagkatapos ay magpasiya kung paano tutugon. Hinimok tayo ng Tagapagligtas na "isaalang-alang [Siya] sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot." Kapag nagtuon tayo sa Tagapagligtas, magsisimulang daigin ng ating pananampalataya ang ating mga alalahanin.

As President Dieter F. Uchtdorf encouraged us to do: "Please, first doubt your doubts before you doubt your faith. We must never allow doubt to hold us prisoner and keep us from the divine love, peace, and gifts that come through faith in the Lord Jesus Christ."

Tulad ng hinikayat ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf na gawin natin: "Mangyaring pagdudahan muna ang inyong mga pagdududa bago ninyo pagdudahan ang inyong pananampalataya. Hindi natin dapat hayaang pigilan tayo ng pagdududa at ilayo tayo sa [banal na] pagmamahal, kapayapaan at mga natatanging kaloob na dulot ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo."

## Blessings Come to Those Who Stay

## Dumarating ang mga Pagpapala sa mga Nananatili

As the disciples walked away from the Savior that day, He then asked the Twelve, "Will ye also go away?"

Peter answered:

"Lord, to whom shall we go? thou hast the words of eternal life.

"And we believe and are sure that thou art that Christ, the Son of the living God."

Now, the Apostles lived in the same world, and they faced the same social pressures as the disciples who walked away. However, in this moment, they chose their faith and trusted God, thus preserving blessings God gives to those who stay.

Nang lumayo ang mga disipulo sa Tagapagligtas sa araw na iyon, tinanong Niya ang Labindalawa pagkatapos, "Ibig din ba ninyong umalis?"

Sumagot si Pedro:

"Panginoon, kanino kami pupunta? Ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan.

"[At] kami'y sumasampalataya at nalalaman namin na ikaw ang [Anak ng buhay na] Diyos."

Gayon din ang naging mundo ng mga Apostol, at naharap sila sa impluwensya ng lipunan na tulad ng mga disipulong nagsilayo. Gayunman, sa sandaling ito, pinili nilang manampalataya at nagtiwala sila sa Diyos, kaya naingatan ang mga pagpapalang ibinibigay ng Diyos sa mga nananatili.

Perhaps you, like me, sometimes find yourself on both sides of this decision. When we find it difficult to understand or embrace God's will, it is comforting to remember that He loves us as we are, wherever we are. And He has something better for us. If we reach out to Him, He will assist us.

Kung minsan, tulad ko, marahil ay natatagpuan ninyo ang inyong sarili sa magkabilang panig ng desisyong ito. Kapag nahihirapan tayong unawain o tanggapin ang kalooban ng Diyos, nakapapanatag na alalahanin na mahal Niya tayo sinuman tayo, nasaan man tayo sa landas ng pagkadisipulo. At may ibibigay Siya sa atin na mas maganda. Kung lalapit tayo sa Kanya, tutulungan Niya tayo.

While reaching out to Him can be difficult, just as the father who sought healing for his son was told by the Savior, "All things are possible to him that believeth." In our moments of struggle, we too can cry out, "Help thou [my] unbelief."

Bagama't maaaring mahirap lumapit sa Kanya, tulad lang ng ama na nagsumamong pagalingin ang kanyang anak na sinabihan ng Tagapagligtas na "lahat ng bagay ay maaaring mangyari sa kanya na nananampalataya." Sa mga

sandali ng ating pakikibaka, maaari din tayong magsumamo, "Tulungan mo ang kawalan [ko] ng pananampalataya."

## Submitting Our Will to His

Elder Neal A. Maxwell once taught that "the submission of one's will is really the only uniquely personal thing we have to place on God's altar."No wonder King Benjamin was so eager that his people become "as a child, submissive, meek, humble, patient, fullof love, willing to submit to all things which the Lord seeth fit to inflict upon him, even as a child doth submit to his father."

As always, the Savior set the perfect example for us. With a heavy heart, and knowing the painful work He had to do, He submitted to His Father's will, fulfilling His messianic mission and opening the promise of eternity to you and me.

The choice to submit our will to God's is an act of faith that lies at the heart of our discipleship. In making that choice, we discover that our agency is not diminished; rather, it is magnified and rewarded by the presence of the Holy Ghost, who brings purpose, joy, peace, and hope we can find nowhere else.

Several months ago, a stake president and I visited a sister in his stake and her young adult son. After years away from the Church, wandering difficult and unfriendly paths, she had returned. During our visit, we asked her why she had come back.

"I had made a mess of my life," she said, "and I knew where I needed to be."

I then asked her what she had learned in her journey.

With some emotion, she shared that she had learned that she needed to attend church long enough to break the habit of not coming and that she needed to stay until it was where she wanted to be. Her return was not easy, but as she exercised faith in the Father's plan, she felt the Spirit return.

And then she added, "I have learned for my-

## Pagsuko ng Ating Kalooban sa Kanya

Itinurong minsan ni Elder Neal A. Maxwell na "ang pagsuko ng kalooban ng isang tao ay ang talagang tanging maiaalay natin sa altar ng Diyos."Hindi nakapagtatakang masigasig na hinangad ni Haring Benjamin na ang kanyang mga tao ay maging "tulad ng isang bata, masunurin, maamo, mapagpakumbaba, mapagtiis, puno ng pag-ibig, nakahandang pasakop sa lahat ng bagay na nakita ng Panginoon na angkop na ipabata sa kanya, maging katulad ng isang batang napasasakop sa kanyang ama."

Tulad ng dati, itinakda ng Tagapagligtas ang perpektong halimbawa para sa atin. Naghihinagpis man, at batid ang masakit na gawaing kailangan Niyang gawin, nagpasakop Siya sa kalooban ng Kanyang Ama, tinupad Niya ang Kanyang misyon bilang Mesiyas at sinimulan ang pangako ng kawalang-hanggan sa inyo at sa akin.

Ang pagpapasiyang isuko ang ating kalooban sa Diyos ay isang pagpapakita ng pananampalataya na nasa puso ng ating pagkadisipulo. Sa paggawa ng pagpapasiyang iyon, natutuklasan natin na hindi nababawasan ang ating kalayaan; sa halip, nadaragdagan ito at nagagantimpalaan ng presensya ng Espiritu Santo, na naghahatid ng layunin, kagalakan, kapayapaan, at pag-asa na hindi natin matatagpuan sa iba pang lugar.

Ilang buwan na ang nakararaan, binisita namin ng isang stake president ang isang sister sa kanyang stake at ang anak nitong binata. Pagkaraang mapalayo sa Simbahan nang maraming taon, na naliligaw mula sa landas ng pagkadisipulo, nagbalik siya. Nang bisitahin namin sila, tinanong namin kung bakit siya nagbalik.

"Nasira ko ang buhay ko," wika niya, "at alam ko kung saan ako dapat magpunta."

Pagkatapos ay tinanong ko siya kung ano ang natutuhan niya sa kanyang paglalakbay sa buhay.

Madamdamin niyang ikinuwento na nalaman niya na matagal na niyang kailangang magsimba para matigil ang kanyang gawing hindi magsimba at na kailangan niyang manatili hanggang sa gustuhin niyang doon magpunta. Hindi naging madali ang kanyang pagbalik, ngunit nang manampalataya siya sa plano ng Ama, nadama niya na nagbalik ang Espiritu.

At pagkatapos ay idinagdag niya, "Nalaman

self that God is good and that His ways are better than mine."

I bear witness of God, our Eternal Father, who loves us; of His Son, Jesus Christ, who saved us. They know our hurts and challenges. They will never forsake us and know perfectly how to succor us. We can be of good cheer as we trust Them more than anyone or anything else. In the sacred name of Jesus Christ, amen.

ko sa aking sarili na ang Diyos ay mabuti at na mas mainam ang Kanyang mga paraan kaysa akin."

Pinatototohanan ko ang Diyos, ang ating Amang Walang Hanggan, na nagmamahal sa atin; ang Kanyang Anak na si Jesucristo na nagligtas sa atin. Alam nila ang ating mga pasakit at hamon. Hinding-hindi Nila tayo pababayaan at alam na alam Nila kung paano tayo tutulungan. Maaari tayong magalak kapag higit tayong nagtiwala sa Kanila kaysa kanino pa man o ano pa man. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen.